# STOP *ang pagkalat ng sakit!*

Ang unang hakbang upang matigil ang pagkalat ng mga sakit ay ang paghuhugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig.

Kapag ang bata ay may anumang sintomas ng sakit na nasa ibaba, humingi at sumunod sa payong medikal:

- Lagnat
- Sakit ng ulo
- Matinding ubo: namumula o nag-aasul ang mukha o nagkakaroon ng mataas na tonong ubo o mahalak na ubo
- Nahihirapang huminga: ito ay tanging mahalaga sa mga sanggol na wala pang 6 na buwan
- Hindi karaniwang mga batik batik at pamamantal
- Namamagang batik batik sa balat: magaspang, nangingintab na dilaw, tuyo o malagkit na mga bahagi ng balat
- Hindi pangkaraniwang mga pag-uugali: magagalitin, hindi aktibo, iyak nang iyak. Ang bata ay mukhang hindi komportable o masama ang pakiramdam.
- Duming kulay abo o puti
- Maitim o kulay tsaang ihi
- Pinkeye: nagluluha , namumula ang loob ng talukap ng mata , pangangati kasunod ng pamamaga at may lumalabas na likido
- Masakit ang lalamunan o nahihirapang lumunok
- Pagsusuka
- Walang ganang kumain
- Dilaw o berdeng likidong lumalabas sa ilong
- Naninilaw ang balat o mata
- Mga kuto, mga surot, mga kurikong
- Pagtatae:  higit sa isang beses na may malambot na dumi, Kung ang inyong anak ay nagkaroon ng malambot na dumi nang isang beses , maaring siya ay nagtatae. Obserbahan ang bata sa mga karagdagang pagdumi nang malambot at iba pang sintomas. Tiyakin na ang inyong anak at ang mga tagapag-alaga ay naghuhugas ng kanilang kamay, sa mga inirerekomendang oras.

Tawagan ang ILP para kanselahin ang pagdalaw sa inyong bahay kung ang inyong anak , o miyembro ng pamilya ay may anumang kondisyon na nakalista.

Magbigay ng 48 oras para sa susunod na PIC [appointment] matapos na ang antibiotic ay nasimulan nang inumin para sa anumang kondisyong nakalista

- Maaaring kanselahin ng tauhan ang pagdalaw  kung namasid niya ang anumang kondisyong nasa itaas.
- Susundin ng tauhan ang parehong mga pag-iingat.
- Para sa karagdagang impormasyon, tawagan:
  - Programs for infants and Children: (907) 561-8060
  - Public Health Nurse: (907) 343-4605